Ugnayang Kapatagan-Kabundukan: Ang Atang bilang Hugpungang Pangkalinangan ng Amianan at Brgy. Bakal III, Talavera, Nueva Ecija

JESTER G. DE LEON

ABSTRACT

This study probes the oneness and relationships of culture in the Philippines through the practice of atang, particularly in Amianan (Northern Luzon) and in one community in the province of Nueva Ecija. From the history, Nueva Ecija became one of the go-to places for Ilocanos during their migration to find a land to start a new way of life (McLennan 1980, 375). In this regard, the study focused on analyzing the set of cultural junctures from Amianan, in the settlement of the Ilocanos in Nueva Ecija, despite the difference in topography. Brgy. Bakal III in Talavera, Nueva Ecija, is an area of the Ilocano-Tagalog community located at the foot of the mountains outside Amianan. The practice of atang in Brgy. Bakal III was derived from conversations with informants who practiced and witnessed the said practice. Given the fact that atang is being practiced in Brgy. Bakal III, it signifies a sa-laud-sa-raya relationship from the topography of the Amianan highlands and the topography of the Nueva Ecija plains. From this relationship, cultural junctures are formed as both ethnolinguistic groups cultivate their own cultural distinctiveness.

Keywords: *atang,* Nueva Ecija, sa-laud-sa-raya, Amianan, low-lands

Panimula

Matatagpuan ang kalakhan ng lalawigan ng Nueva Ecija sa malawak na kapatagan ng rehiyon ng Gitnang Luzon. Buhat dito, kinikilala ang lalawigan bilang "Kamalig ng Bigas"[1] dahil sa malaking ambag nito sa lokal na produksiyon ng bigas sa bansa mula sa likas nitong topograpiya (F. Santiago 2015, 1). Bagamat kilala ang lalawigan sa malalawak nitong kapatagan, nakalatag ang mga kabundukan sa iba't iba nitong bahagi bilang hugpungan sa karatig na mga lalawigan at rehiyon. Sa bandang hilaga na siyang hugpungan nito sa Hilagang

Luzon, paakyat na babagtas ito sa bulubundukin ng Kordilyera. Sa bandang silangan naman ay karugtong ng bulubundukin ng Sierra Madre sa lalawigan ng Aurora at rehiyon ng Lambak ng Cagayan ang ilan sa mga bulubundukin nitong bayan. Sa bugso ng pandarayuhan ng mga taga-Hilaga partikular ang mga Ilokano, isa ang Nueva Ecija sa malalápit na lalawigan na nagsilbing dagsaan nila sa panahon ng kanilang pagbaba sa pagsusumikap na magpunla ng bagong kabuhayan. Gaya na lamang ng binabanggit ni McLennan (1980, 375), tinatayang kalahatian na ng Siglo 19 nang makarating sa lalawigan ang bugso ng mga Ilokano mula Amianan na silang nagtabas ng noo'y kagubatan at kakahuyan, at nagsimulang magbungkal upang magsilang ng agrikultural na sakahan. Bahagi ito ng nililinang na konsepto ng *kadagaan*[2] na tumutukoy sa pandarayuhan upang makahanap ng *lung-aw* (ginhawa) na siyang masasalamin sa pandarayuhan ng mga Ilokano upang maghanap ng *daga* (lupa) na pag-uusbungan ng bagong pamumuhay (Agcaoili 2016, 90; Manzano 2021, 12). Sa katunayan, makabuluhan na rin ang bilang ng mga nagsasalita ng Ilokano, ang *lingua franca* ng Amianan, sa lalawigan ng Nueva Ecija na siyang dagdag na wika ng lalawigan liban sa Tagalog. Sa datos mula sa pag-aaral ng Bureau of Education, sa pagpasok ng ika–20 siglo tinatayang 48 porsiyento ng populasyon ng lalawigan ay mga Ilocano, na mas mataas sa bilang ng mga Tagalog na noo'y 45 porsiyento lamang. Subalit sa kasalukuyan, higit nang mas marami ang nagsasalita ng Tagalog habang patuloy na nililinang ang hugpungan ng Tagalog-Ilokano sa larangan ng wika na maipopook sa lalawigan (Bureau of Education w. p.; F. Santiago 2015, 2).

Maliban sa wika, makikita din kapuwa sa dalawang lokasyon, sa Amianan at sa ilang kaso sa lalawigan ng Nueva Ecija, ang kalinangang pinagyayaman at nagsisilbing hugpungan kabilang ang pagsasagawa ng *atang*. Ang atang, sa madaling salita, ay ang inilalaang pagkain, hayop, o bagay para sa mga namayapa o sa mga hindi nakikita, na nag-iiba-iba batay sa paniniwala ng mga pangkat etnolingguwistiko (Apostol 2020, 21–23; Corpuz 2020, 113–14; Magpali 2019). Kadalasang ang dalas at garbo ng pagsasagawa nito na nakabatay sa okasyon, ritwal, at pangangailangan, ay makikita mula sa simpleng pag-aatang kapag may handaan, kaarawan ng namatay, o Undas, hanggang sa paglalaan ng kakataying hayop gaya ng baboy, manok, kalabaw at iba pa para sa isasagawang ritwal. Sa mga kaso ng pagsasagawa ng atang sa Nueva Ecija, matutulos ang pagkakaugat nito mula sa nagdaang kadagaan, subalit sa pagpapayaman at paglinang sa magkaibang pangkat etnolingguwistiko, masisipat ang pagpapatingkad ng kani-kanilang kakanyahan.

Sa pag-aaral na ito, sisikaping ilugar ang atang sa hugpungan ng Amianan at sa labas ng tinatawag na "Kailukuhan" partikular sa Brgy. Bakal III, Talavera, Nueva Ecija sa kapatagan sa paanan ng kabundukan ng Hilagang Luzon. May panayam na isinagawa sa komunidad ng mga Ibaloy–Kankanaey sa Brgy. Banengbeng, Sablan sa Benguet na magsisilbing prinsipal na hanguan ng datos na makakatuwang ng mga panitikan at mga kaugnay na pag-aaral hinggil sa atang sa Amianan. Mula sa pagsusuri ng kalinangang nagtutulak sa pagsasagawa ng praktika ng atang, maliban pa sa proseso ng pagsasagawa nito mismo, mapatitingkad ang ugnayang pinaghuhugpung ng naturang kalinangan sa dalawang lokasyon.

Konseptuwal na Salalayan

Upang linawin ang pag-unawang ang mga kultura ng buong kapuluan ay magkakaugnay, binabalikan ang diskurso ng pagtatagpo ng mga kalinangan sa kabila ng pagkakaiba sa topograpiya o heograpikal at pisikal na pinamumugaran ng mga pangkat etnolingguwistiko. Bagamat matibay ang pundasyon ng kultura at panitikan ng Amianan bilang mga kalinangang nabuo sa kabundukan, tinatanaw na nagaganap ang pag-agos ng mga ito sa paanan ng mga bundok kung saan matatagpuan ang lalawigan ng Nueva Ecija.

Binibigkis ang kapuluan ng patuloy ng pag-agos ng mga ilog mula sa kabundukan tungo sa kapatagan (Tatel 2012, 340). Sa ganitong talinhaga, napagtitibay ang pagkakaugnay ng ating mga kalinangan na nagbibigkis sa ating pambansang pagkakakilanlan. Mahalaga at sentral sa pagbuo ng mga pamayanan ang tubig na umaagos mula sa kabundukan. Sinasabing sa simula ay matingkad na maiuuri sa dalawang pangkat ang mga umuusbong na kabihasnan sa kasasayan, at ito ay primaryang pinagbubukod ng topograpiyang kinasasangkutan ng mga pangkat etnolingguwistiko. Kung susuriin ang pamumuhay sa Amianan, nakabatay sa agos ng ilog ang pinagmumulan ng pamumuhay. Ang daloy na *sa-laud* (paibaba o *downstream*) ay tumutukoy sa sa mga pamayanang nasa baybay-dagat o tabing-ilog sa kapatagan. Sa kabilang banda ang daloy namang *sa-raya* (paitaas o *upstream*) ang kinasibulan ng mga pamayanan sa interyor o malapit sa bundok (Tatel 2012, 340; Zorc 1985, 177). Sa pagsisikap na unawain ni Tatel (2012) ang ugnayang bumalong sa pagbuo ng *ili* o bayan sa Amianan sa kabila ng magkaibang topograpiya, magkakaroon ng bisa ang "hugpungan" bilang dalumat na tuntungan ng kakanyahan. Ganito niya ito ipinaliwanag:

> Dadalhin ng pag-aaral na ito ang masalimuot na usapin ng pagbubuo ng bansa sa pamamagitan ng paglilinaw sa dalumat ng "bayan" sa ispesipikong konteksto ng "ili" sa

> Amianan, hindi lamang bilang pundamental na bahagi ng estado, bagkus bilang diwang buod ng ating pambansang kakanyahan. Sa gitna ng kasalimuotan, itatampok ang ugnayan, na kung tutuusi'y isang "hugpungang" kapatagan (sa-laud)—kabundukan (sa-raya) na bumabalangkas sa kasaysayan ng mga bayan sa kapuluan. (Tatel, 2012, 342)

Buhat sa pag-unawang ito, ipinopook ko ang lalawigan ng Nueva Ecija partikular ang Brgy. Bakal III, Bayan ng Talavera, sa pagitan ng dalawang kalinangan. Mula sa katotohanang tumatanaw ng pagkakahawig ang pagsasagawa ng atang sa naturang lugar mula sa Amianan, maituturing na hugpungan ang nasabing kalinangan. Sa pagpapalalim ng dalumat ng hugpungan, ipinapalagay ang talaban sa mga kultura ng naninirahan sa Nueva Ecija at ng mga Ilokanong dumaong sa lalawigan sa panahon ng kanilang kadagaan. Masisilip sa nasabing hugpungan ang ambag kapuwa ng dalawang pangkat etnolingguwistiko sa paglinang nito sa naturang lugar nang may mahigpit na kawing sa kanilang pinagmulan na masasabing bahagi ng kanilang kakanyahan. Sa masalimuot na prosesong ito, sisikapin na unawain ang kakanyahan ng mga pangkat etniko sa Brgy. Bakal III, Talavera bilang ambag sa hugpungang nabuo sa paglinang sa atang na bitbit ng mga Ilokano mula Amianan.

Lunan, Paraan, at Saklaw ng Pag-aaral

Matagal na akong naninirahan sa pamamahay na nagsasagawa ng atang. Sa paniniwala ng aking mga magulang, mag-uugat ito sa aking lola na tubong Ilocos Norte na sa aking paniniwala ay henerasyon din sila ng mga nagdaang kadagaan sapagkat sa pagkukuwento niya sa akin ay nandayuhan sila upang makahanap ng mas mabuting pamumuhay. Sa lalawigan ng Nueva Ecija sila napadpad at dito na rin siya nakapang-asawa ng isang Tagalog—ang aking lolo. Batid ko ring ang ilan pang kabahayan sa aming barangay, Brgy. Bakal III, ay nagsasagawa ng atang. Subalit, nito lamang Mayo 2024 naging interesante sa aking pag-aralan at palalimin ang pag-unawa sa kulturang matagal nang nananahan sa aming tirahan.

Mayo 4, 2024 nang umakyat ang aming klase sa Benguet para sa mga aktibidad na layong tugunan ang layunin ng kursong Panitikan ng mga Rehiyon sa Pilipinas.[3] Isang komunidad ng mga Ibaloy-Kankanaey sa Brgy. Banengbeng, Sablan sa Benguet ang aming nakapanayam. Nagsilbi ang Barangay Hall ng Brgy. Banengbeng bilang lunan ng panayam at ang kanilang kapitan na si James Rafael bilang tagapanguna kasama ang lupon ng matatanda bilang mga *informant*. Kasama rin sa mga aktibidad ang panayam kay dating Baguio City Mayor Mauricio Domogan, ginabayang talakayan kasama ang mga

propesor ng Wika at Panitikan sa UP Baguio, pagdalaw sa Museo Kordilyera, at iba pa. Bagamat hindi maituturing na etnolohikal na paglalangkap ng datos, ang masinop na ginabayang talakayan ang magsisilbing tuntungan ng paghahambing sa pagsasagawa ng atang sa Amianan sa praktika ng naturang kalinangan sa isang komunidad sa Nueva Ecija. Buhat sa gawaing ito, napukaw ako na pag-aralan ang kairalan ng atang sa aming lalawigan na kapuwa umiiral kahalintulad ng atang sa Amianan. Ang paggamit namin ng katawagang atang sa naturang kultura at ang paggamit din ng mga nakapanayam sa Benguet sa parehong katawagan ang nagtulak sa aking usisain ang kanilang ugnayan.

Maliban sa personal kong karanasan sa pamumuhay sa lokalidad na nagsasagawa ng atang, katuwang sa proseso ng pag-aaral ang pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan sa mga nagsasagawa at/o nakasaksi ng nagsasagawa nito. Maituturing na katutubong metodo ang pakikipagkuwentuhan bilang salalayan ng pagkalap ng datos (Pe-Pua 2006, 111–12). Sa ganang ganito, ang mga nakakuwentuhan ay malayang nakapagbanggit ng kanilang nalalaman hinggil sa natatanging paksa (Landicho 2023, 60; Pe-Pua 2006, 111–12). Ang mga nasabing nakakuwentuhan ay matatagpuan sa iisang lokasyon lamang, ang Barangay Bakal III, kaya ang papel na ito ay limitado sa paglagom ng kabuuang karanasan ng lalawigan ng Nueva Ecija sa praktika ng atang. Gayunpaman, ang tatlong nakausap ay may iba't ibang pinagmumulan sa pag-unawa at paggamit sa praktika ng atang na tinatanaw na sapat ang kapasidad upang lagumin ang iba't ibang perspektiba sa pagsasagawa ng atang.

Batay sa mapa, ang bayan ng Talavera ay isa sa mga kapatagang bayan sa paanan ng mga kabundukan sa hilaga at bukana sa kapatagan ng sentro ng lalawigan. Ang Brgy. Bakal III, subalit administratibong kabahagi ng bayan ng Talavera, ay relatibong mas malapit sa Lungsod Agham ng Muñoz, lungsod na higit mas malapit sa paanan ng kabundukan. Sa usaping heograpikal, esensiyal ang pag-unawa sa ugnayang sa-laud-sa-raya sa pagsusuri sa mga kalinangang matatagpuan sa naturang lokasyon. Mula sa katotohanang may bilang ng mga Ilokanong nananahan sa naturang barangay at bayan, pamumugaran ito ng hugpungan. Sa pagkakataong ito, malinaw na ang atang ay kulturang pinananahan at nililinang ng dalawang pangkat etnolingguwistiko, ang Tagalog at Ilokano, sa naturang lugar.

Isinagawa ang mga pakikipag-usap sa pagitan ng Mayo hanggang Hunyo 2024. Wala akong talaan ng mga tanong na inihanda. Inatasan lang na magsalaysay ang mga nakausap hinggil sa kaalaman nila sa pag-aatang at dito hinango ang mga karagdagang tanong at paglilinaw. Isa sa aking nakausap hinggil sa pagsasagawa ng atang ay ang aking lola sa gawi ng nanay na si Nena Gabriel, 68, na mula sa Ilocos Norte. Ikalawang nakausap ay ang aming lolo na si Remegio

Gabriel, 82, tiyuhin ng aking lolo na asawa ni Lola Nena. Tubong Nueva Ecija si Lolo Reme. Nang mamalagi siya sa mga kamag-anak nila sa Madela, Quirino[4] sa loob ng sampung taon, nakasaksi siya ng mga nagsasagawa ng atang at nauunawaan niya ang pinagmumulan ng naturang kultura. Bagamat may paggigiit ni Lolo Reme na hindi siya nagsasagawa ng atang. Ang huling nakausap ay si Perlita Bendaña o mas kilala bilang Aling Pele, 80, tubong Talavera rin. Tagalog ang kanyang wika at malimit na nakauunawa ng Ilokano. Ang kanyang mga magulang ay tubong Nueva Ecija rin at sila ay nagsasagawa ng atang.

Ang mga nakuhang datos sa kinagisnang lokalidad na nagsasagawa ng atang ay ginamit upang masuri ang pagtatalaban ng mga kultura ng mga pangkat etniko upang mabuo ang hugpungan ng kalinangan na primaryang nagtutuwid din ng kakanyahan ng mga pangkat. Sa madaling sabi, may kakanyahan ang mga pangkat etnolingguwistiko na sila nilang ambag sa pagkakabuo ng pinapatingkad na hugpungang pangkalinangan.

Ang Atang bilang Hugpungang Pangkalinangan

Isang mukha ng pagdaraos ng mga Pilipino ng Araw ng mga Patay,[5] o mas kilala bilang Undas, ang pag-aalay ng iba't ibang pagkain o inumin sa puntod ng mga namayapang mahal sa buhay. Maliban sa aktuwal na paglalagay ng pagkain sa harap ng puntod, kinagisnan ko ang pamamahay na naglalagay ng pagkain sa harap ng altar na nilalakipan ng dasal. Gusto kong itangi ang gawing ito sa amin kumpara sa ibang bahagi ng Pilipinas sapagkat ang kulturang nabanggit ang siyang tinatawag naming atang na maiuugnay sa kaparehas ng kulturang isinasagawa sa Amianan. Bagamat may ibang katawagan marahil ang ibang pangkat etnolingguwistiko sa naturang kaugalian sa ibang bahagi ng kapuluan, ang kinagisnan ko sa Nueva Ecija ay uugat sa Amianan partikular sa lola kong tubong Ilocos Norte. Sa Amianan, tiyak na nagsasagawa rin sila ng pag-aalay sa mga namayapa. Patunay rito ang mga nakapanayam namin sa Brgy. Benengbeng, Sablan, Benguet.

Ang mga matatandang Ibaloy-Kankanaey sa Banengbeng ay may minanang ritwal na kung tawagin ay *cañao.* Susing bahagi ang atang sa ritwal na cañao ayon sa tugon ng lupon ng matatanda batay sa kanilang obserbasyon at ilang mga karanasan sa pagsasagawa nito. Ang cañao ay isinasagawa na may iba't ibang layon (Masferré 1999, 54; Peterson 2010, 252–53; Russell 1989, 248–49). Para sa mga taga-Banengbeng, isa sa mga layon ay upang umugnay sa kanilang mga namayapang ninuno na siyang tutugon sa ninanais nilang kalutasan sa kung ano mang dahilan o layon ng pagka-cañao. Sa ilang kaso, nagsisilbi itong ritwal ng pagpapagaling sa paniniwalang ang

pag-ugnay nila sa kanilang ninuno ang susi sa pagpapagaling sa isang maysakit. Ang mga taga-Banengbeng ay may itinuturing na mga nakapaligid na espiritung tinatawag nilang *amed*. Dagdag dito, *timungaw* ang tawag nila sa nuno na nakatira sa punso at iba pang lugar. Ito ang sinasabing mga dahilan ng pagkakasakit o nagbibigay ng sakit sa mga tao. Sa puntong ito, nag-aalay sila ng baboy na may pulidong atay o alinmang hayop na ang bilang ay nakabatay sa babanggitin ng tinatawag nilang *mambunong*. Susing tao at esensyal na tauhan ang mambunong hindi lamang sa cañao kundi sa iba pang larang ng komunidad. Sa pag-aaral ni Arzadon (2016, 73–75) itinuturing din ng mga pamayanang Kankanaey sa Sitio Lamut, La Trinidad, Benguet ang mambunong bilang guro at hanguan ng karunungan ng mga komunidad. Sa mga taga-Banengbeng naman ang ibang turing nila sa mambunong ay "mediko" kung kaya't sa usapin ng pagpapagaling sa may sakit, siya ay naging bahagi ng mga ritwal. Sa Ifugao, tinatawag naman itong *mumbaki* (Buminaang-Mendoza 2024, 76–77).

Ang pagpatay ng hayop bilang atang sa layuning makapagpagaling ng sakit ay praktika rin sa Brgy. Bakal III. Gaya ng mambunong sa Cordillera, kinikilala ni Aling Pele ang pagsasagawa ng atang ayon sa kagustuhan ng binansagan nilang mediko na sa kaso ng barangay ay tinatawag namang albularyo. Sa pagsasalaysay niya, may kinokonsultang albularyo na siyang tutukoy kung anong tipong elemento ang dahilan ng pagkakasakit. Ito ang pagbabatayan ng uri at bilang ng hayop na ilalaan sa atang. Laganap ang albularyo sa buong kapuluan at sinasabing nagmula sila sa mga babaylan (Alimen 2015, 43). Sa karanasan ng mga nakausap sa Bakal III, hindi lamang basta herbal na mga gamot ang ginagamit ng albularyo, pinangangasiwaan din niya ang pagsasagawa ng atang, batay sa bigat ng sakit na dumapo. Sa mga nasaksihan nina Lolo Reme at Aling Pele, may pagtatangi sila sa tipo ng manok na *native* o dilaw ang paa bilang ito ang sinasabi ng albularyo. Silang dalawa ay nakasaksi ng panggagamot ng albularyo na nagtukoy ng sakit at kung anong hayop ang dapat ilaan. Sinabi ni Aling Pele na kung malala raw ang sakit, kailangang "búhay" ang ialay gaya na lamang ng pag-aatang ng búhay ng mag-asawang manok (isang tandang at isang inahin).

Mula sa pagsasagawa ng atang upang makipag-ugnayan sa namayapang ninuno, at bilang tagapamagitan sa pagpapagaling ng may sakit, sasalig ito sa paniniwalang tinutumbasan ng espirituwal na kapangyarihan ang mga hindi nakikitang pinaniniwalaang nagdudulot ng sakit. Sa karanasan mismo ng aking tita na isinalaysay ng aking Lola Nena, nagkaroon siya ng sugat sa bandang labi na nagtulak upang siya ay ipatawas[6] o kumonsulta sa albularyo. Dito binanggit na kailangan niyang maglaan ng tubig bilang atang sa mga hindi nakikita sa kanilang bakuran. Sa instruksiyon ng albularyo, nagbisibis (terminong Ilokano para sa paghahasik o pagsasaboy) siya

ng tubig dahil ayon sa albularyo, siya ay "nabati" o "namatanda" ng mga "hindi natin nakikita." Ang natirang tubig ay ipinahid niya sa kanyang labi kung nasaan ang sugat. Matapos ito ay gumaling na diumano ang sugat sa labi ng aking tiyahin. Ang mga ritwal at kaparaanang nabanggit na mga praktikang nilahukan nina Lola Nena, Lolo Reme, at Aling Pele ay naglilinaw ng ugnayan ng karanasan ng Amianan at Brgy. Bakal III.

Pinalalawak ng pagsasagawa ng atang ang paniniwala ng mga Pilipino sa mga espiritu at kaluluwa bilang ekstensiyon ng pagpapahalaga sa buhay. Taal sa kapuluan ang paniniwala sa ugnayan ng mga buhay at mga hindi nakikita kabilang ang kaluluwa at espiritu. Ayon kay Agcaoili (1996), sa Amianan, bahagi ang ganitong pagkilala sa buhay at kamatayan sa pagbuo nila ng *ili* (bayan) sapagkat tangan ng kanilang paninirahan at pamumuhay ang pagbibigay-halaga sa kalooban ng tao. Kabahagi ng pagbuo ng pamumuhay ang pagkilala sa kaayusan hindi lamang ng kanilang buhay sa kasalukuyan, kundi ang buhay nila matapos ang kamatayan, at kalagayan ng kaluluwa ng kanilang mga mahal sa buhay. Pinagtatali ng ganitong pagpapahalaga ang binabanggit ni Salazar (1977, 84–85) na ugnayan ng "ginhawa" at "kaluluwa." Ang pagbasa niya sa mga etnograpikal na datos at talang pangkasaysayan ay naglilinaw na pinananatili sa kapuluan ang pag-iingat sa "kaluluwa" bilang tulay sa pagkamit ng "ginhawa" kaya't ang pagpapahalaga sa kaluluwa ay makikita sa kanilang mga gawain habang nabubuhay at para sa mga patay. Mahalagang konsiderasyon kung gayon ang pamumuhay upang makamit ang ginhawa. Gayundin, buhat kay Salazar, maaaring sipatin ang pag-aalay ng atang sa mga kaluluwa ng namayapa at sa mga hindi nakikita bilang tulay sa pagkamit ng kaginhawaan mula sa pag-alpas sa pagkakasakit.

Ang aktuwalisasyon ng pagkakaroon ng atang sa dalawang lokasyon, Amianan at Brgy. Bakal III, ay uugat sa *pakasaritaan* (pagsasalaysay ng buhay) ng pagbuo ng *ili* (bayan). Sa ganang paglilinaw ng ugnayang *sa-laud-sa-raya*, esensiyal sa pag-uusbungan ng *ili* ang agos ng ilog bilang lokatibong pagtatayuan ng bahay (mula sa bay). Pinatutunayan nito ang mga paninimula ng mga kabihasnan sa Pilipinas sa tabi ng anyong-tubig. Sa pagdaloy ng ilog sa kabundukan sa agos sa kapatagan, bubuo rin ng pamumuhay ang mga patag mula rito. Habang tangan ng pagbuo ng kabihasnan ang mga kultura, pinag-uugnay ng mga ilog ang kabundukan at kapatagan hindi lamang sa usapin ng pagtatayo ng bayan kundi ng pagpapalitan at pagtatalaban ng mga kultura. Kung sisipatin sa ganang sosyo-ekonomikong mga salik bilang dalumat ng *ili* at "ginhawa" ang pagsasagawa ng atang sa Amianan at Brgy. Bakal III, maglilinaw ito ng kultural na paniniwala sa naturang paniniwala buhat sa kalikasan at pamumuhay na mayroon

sa dalawang lokasyon. Gaya ng maraming pamumuhay sa Pilipinas, agrikultural ang primaryang pinagkukunan sa dalawang lokasyon. Materyalisasyon ang domestikasyon ng mga tanim gaya na lamang ng palay ng paggamit ng tubig mula sa ilog o dagat para sa pananim. Buhat rito, kapuwa ang dalawang lokasyon ay nagsasagawa ng atang sa panahon ng pag-ani ng mga tanim. Sa Brgy. Bakal III naman, sina Aling Pele ay nagsasagawa ng atang sa panahon ng anihan bilang pasasalamat sa magandang ani. Ayon kay Lola Nena, ang atang sa panahon ng anihan ay maaari nang isabay kapag naghahanda ang nagpaani. Sa Banengbeng, ang paglalaan ng pagkain bilang atang ay pinaniniwalang makatutulong upang makuha ang loob ng timungaw at huwag gambalain ang kanilang taniman.

Ang paniniwala sa mga espirituwal na entidad na hindi nakikita, gaya ng timungaw sa Banengbeng at mga entidad na nagdudulot ng sakit na tinutukoy ng mga albularyo sa Nueva Ecija, bilang mga elementong pinaglalaanan din ng atang, ay maaaring sipatin sa paghihiwalay ng konsepto ng kaluluwa at espiritu na sa ilang banda ay hindi nagkakaiba ng pagdalumat mula sa katotohanang hiram na termino lamang ang espiritu. Sa pagdalumat ni Mercado (1991, 299) ang espiritu, kung uugatin sa terminong katutubo gaya ng *ginhawa* sa Cebuano, *hininga* sa Tagalog, at *anges* sa Ilocano, ay mga kapuwa tumutugon sa kaayusan at holistikong katuparan ng kaluwalhatian. Kapuwa ang kaluluwa at espiritu ay may kaugnayan sa *buot*/*loob*/*nakem* na pantukoy sa kaayusang panloob ng mga tao.

Sa pagkilalang ang bawat nilalang ay mayroong kaluluwa at espiritu at lumilisan patungo sa bagong mundo sa panahon ng kamatayan, kinikilala pa rin ang pagbibigay halaga rito sa pamamagitan ng atang. Isa itong paniniwala sa *pagbabalik-loob* o pagbabalik sa kalooban ng namayapa Mercado (1991, 300). Tutulay ito sa isa pang mukha ng atang na isinagawa sa Brgy. Bakal III. Gaya ng una nang nabanggit, ang atang ay isinasagawa sa porma ng paglalagay ng pagkain o inumin sa puntod ng mga namayapa. Ngunit maaari ding makasaksi ng atang sa harap ng altar na minsan ay kung nasaan ang larawan ng namayapa sa loob ng bahay at hindi na sa sementeryo. Ang tiyak, ang atang ay isinasagawa bilang pag-alala sa namatay.

Sa kuwento ni Lola Nena, ang ang pagsasagawa ng atang ay maaaring magsimula habang nakaburol pa lamang ang namayapa. Makikita ang ilang pagkain sa ilalim o ibabaw ng ataul ng namatay. Sa iba, partikular sila sa paglalagay ng bigas sa ilalim ng ataul. Sa pagsasalaysay ni Lola Nena kadalasang nagkakatay ng mga hayop kinagabihan bago ang libing. Ang dugo ng kinatay na karne ay patutuluin sa batya, at pakukuluin habang hinahaluan ng alak at iba pang mga dahon. Ito ang magsisilbing "pang-gulgol/golgol" o ang likidong ipapahid ng mga nakipaglibing sa kanilang noo at batok sa

paniniwalang sa paggawa nito ay maiiwasan ang pananakit ng ulo ng mga nakilamay at nakipaglibing dahil sa puyat. Sa ibang paniniwala ng mga Ilokano, may ibang anyo ang paggagawa ng *golgol* ngunit nananatiling layon nito ay magritwal upang maalis ang pighati at malas na maaaring iwan ng namayapa sa kanyang mga kaanak (Magpali 2019). Ang karne ng kinatay ay lulutuin at ipapakain sa mga nakikilamay o makikipaglibing kinabukasan. Sa huling gabi ng burol, ihahain bilang atang ng mga kaanak ang pagkain mula sa kinatay na karne at ilalagay ito sa ilalaim ng ataul ng namayapa kalakip ang pagdadasal na tinatawag na "pabaon." Sa pagkakataong sinasabing nasundan ng espiritu ng namayapa o anumang masamang espiritu, nagsasagawa rin ng golgol upang mapalayas ito at kaakibat ng golgol ay paglalagak ng atang sa tabi ng altar (Magpali 2019).

Sigarilyo at alak naman para kay Aling Pele ang nararapat na magsilbing atang na para sa kanya ay pag-alala sa kanyang namayapang asawa. Aniya'y nilalagak sa harap ng altar ang mga pagkain o inuming inilalaan. Mula sa kabuluhan ng altar bilang isang espasyo para sa atang, nililinaw ang talaban na humantong sa pagsilang ng magkasamang katutubong kalinangan at Kristiyanismo. Sa katunayan, sa karanasan ni Aling Pele, lagi niyang nababanggit na kalakip ng atang ang pagdarasal. Sa albularyong kasama niya na nagtutukoy ng elementong pinanggalingan ng sakit ng nagpatawas, kasama siya sa ritwal bilang mandarasal. Ang kanyang inuusal na dasal ay dasal ng mga Katoliko habang kinakatay ang hayop na nakalaan. Gayundin, aniya'y katuwang siya ng ilang kapitbahay bilang tagapanguna sa pag-aalay ng dasal kapag ginugunita ang namayapa, maaaring sa pa-siyam, ika-40 araw, o pababang luksa. Ang mga ganitong tagpo ng pagdarasal ay laging nakapook sa harap ng altar at mayroong nakahandang atang.

Sa karanasan ng pagsasagawa ng atang sa Brgy. Bakal III buhat sa tatlong nakausap, ang naturang kultura ay nakaugat kapuwa sa kalinangang Amianan at impluwensiyang Kristiyanismo. Kaugnay nito, sa pag-aaral ni Corpuz, inugnay niya ang praktika ng atang ng mga Ilokano sa doktrinang Katoliko na *communion of saints*. Bahagi ng pag-aaral ang paghahambing ng praktika ng atang sa naturang teolohikal na praktika. Ang atang samakatuwid ay praktikang nagpapakita ng "mas malalim at nagpapatuloy" na ugnayan ng buhay at mga patay (Corpuz 2020, 114).

Ang Kakanyahan sa Kabila ng Ugnayang Sa-Laud-Sa-Raya

Sa hugpungan ng mga kalinangan buhat sa talaban ng tangang kultura ng isang pangkat at ang oryentasyon ng bagong kultura, hindi nangyayari ang mabilisan at banayad na pagkawala ng isang

kultura. Bagkus, sa bawat hugpungan, matingkad na masusuri ang kakanyahan ng bawat pangkat etnolingguwistiko bilang ambag sa nabuong hugpungang pangkalinangan. Kung mayroon mang maibubukod na paniniwala sa Brgy. Bakal III ito ay uugat sa, bagamat hindi limitado sa, Kristiyanismo. Sa kasalukuyan, ang pananaig ng dominanteng Tagalog sa sentro ay parating kabuntot ng urbanidad at modernismo kung kaya't ang mga Tagalog, partikular sa lalawigan ng Nueva Ecija, bilang nagsasariling pangkat etnolingguwistiko sa bansa ay may kahirapan sa pag-angkin ng taal na mga kalinangan. Lagi't lagi itong lunsaran ng mga talaban. Ang matitiyak sa ngayon ay ang mga kalingangang Tagalog na nakipagsalimbayan sa kalinangang Ilokano upang maiguhit ang mukha ng kalinangang atang sa Brgy. Bakal III.

Mula sa salaysay nina Lola Nena, Lolo Reme, at Aling Pele, ang atang sa Brgy. Bakal III ay nag-aangkin ng espasyong pangkalinangan na mas matingkad sa naturang barangay kaysa sa Amianan na pinaniniwalaang pinagmumulan ng kalinangang ito. Matutunghayan ito sa pagsusuri sa likas na katangiang topograpikal ng lalawigan ng Nueva Ecija sa kabuuan bilang nakalatag sa paanan ng Amianan. Dahil sa ilang salik gaya ng kadagaan na maituturing na migrasyon, gayundin ang relihiyon buhat sa pananakop, ang atang sa lalawigan ay nakapagitan sa kalinangan ng dalawang pangkat etnolingguwistiko partikular ang Tagalog at mga pangkat sa Amianan na sa malawakang pagtingin ay nagsasalita ng Ilokano.

Isang *landlocked* na lalawigan ang Nueva Ecija. Sa pagtutukoy ni L. Santiago (2006, 3) ng kalinangang umusbong sa Amianan mula sa sariling istilo ng pamumuhay batay sa kalikasan at kalamidad sa paligid ng mga bundok, lumalampas ito sa hangganan ng bundok hanggang sa mga paanan nito na nakalatag sa lalawigan. Sa katunayan, sa pinakahilagang bayan ng Nueva Ecija, sa bulubunduking bayan ng Carranglan, may pag-aaral sina De Leon et al. (2016, 61–62) na ang pangkating etnikong Kalanguya na nakatira sa naturang bayan ay naniniwala kay Kabuniyan (Kabunian)—ang pinakamataas na diyos batay sa paniniwala ng maraming pangkat etnolingguwistiko sa Amianan. Gayundin, kapuwa ang kalikasan, kasama ang mga buhay-lilang, na matatagpuan sa bulubundukin sa Amianan ay umaabot sa ubod ng mga bulubunduking ito sa hilaga ng lalawigan (Gojo Cruz et al. 2018, 201). Bagamat tinangkang bigyang hangganan ng administratibong pagkakahati sa mga rehiyon at lalawigan, ang lokasyon ng Brgy. Bakal III maging ng buong lalawigan, ay nagsisilbing tarangkahan sa dalawang kalinangan. Tignan sa ibaba ang mapa kung nasaan ang Brgy. Bakal III at pansinin ang pag-iiba ng topograpiyang nakapaligid dito.



Larawan 1. Ang Brgy. Bakal III, Talavera, Nueva Ecija (pulang bilog) at ang Amianan sa bandang taas nito. OpenStreetMap. "Bakal III, Talavera, Nueva Ecija." Hinango 14 Disyembre 2024.

Pinatutunayan ng kuwento ng mga taga-Bakal III na ang atang nito, sa ilang banda ay katangi-tangi kumpara sa atang sa Amianan. Sa pag-aaral ni Acabado (2016, 5–7), nagsilbi ang bundok bilang santuwaryo ng mga pangkat na tumutuligsa sa *reduccion* at pananakop ng mga Espanyol. Sa arkeyolohikal niyang pagsusuri, lumalabas na ang mga pangkat sa Cordillera na nagsagawa ng hagdan-hagdang palayan ay sinasabing mula sa lalawigan ng Nueva Vizcaya na tumulak paakyat ng bundok upang hindi masama sa pananakop. Binansagan niya itong *pericolonialism.* Ito rin ang masasabing ubod ng pagkakaroon ng mga Dumagat-Remontado bilang mga pangkat na bumalik sa kabundukan upang hindi igiit ang pagtaliwas sa namamayaning hegemonya sa patag o sa sentro. Kung susundan ang ganitong naratibo, masasabing higit na naimpluwensiyahan ng pananakop ng Espanyol ang mga nasa patag. Ang mga Tagalog sa kapatagan ng lalawigan ng Nueva Ecija kung gayon ay mas maitatangi sa pagtangan nila ng mga doktrinang Kristiyano na lumilitaw sa pagsasagawa nila ng atang bilang matingkad na rekisito sa pagsasagawa ng naturang kultura kumpara sa pagsasagawa ng atang sa Amianan. Para kay Aling Pele, ang pagsasagawa ng atang ay may kalakip na padasal. Gayundin, sa paniniwala ng aking Lola Nena, ang paglalagak ng atang sa harap ng altar ay nagpapakita ng paniniwalang Katoliko sa pag-akyat ng mga yumao sa piling ng Diyos sa langit. Ang pag-unawa sa kaluluwa

sa kontekstong ito, bagamat esensiyal na bahagi ng loob ng tao ayon sa Amianan, ay lumalabas na napasasa-Diyos kung kaya't ang paglalagak ng atang sa harap ng altar ay maaaring unawain bilang espasyong naglalapit sa Diyos at mga mortal. Padron nito ang pagsusuri ni Corpuz (2020, 122–23) ng paghahalintulad ng atang bilang pag-ugnay ng mga buhay sa mga namayapa sa pagsasagawa ng komunyon bilang pag-alala sa sakripisyo ni Kristo sa sanlibutan.

Sa kabilang banda, ang espiritwal na paniniwala ng mga pangkat entolingguwistiko sa kapuluan bilang nakaugat sa konsepto ng "ginhawa" o kaayusan ng kalooban, ay tinanganan ng mga taga-Brgy. Bakal III sa pagsasagawa ng ritwal ng atang sa mga gawaing sosyo-ekonomiko gaya na lamang ng pagsasaka. Sa kuwento ni Aling Pele, ang kanyang namayapang asawa, maliban sa nagsasagawa ng atang bilang pasasalamat sa magandang ani, na ginagawa rin ng iba ayon kay Lola Nena at Lolo Reme at isinasapraktika rin sa Amianan, sa simula pa lamang ng pagtatanim, pinagyayaman na nila ang paghawak sa ritwal. Gaya ng ritwal na bahagi ang pagpatay sa hayop sa partikular na layon halimbawa ay upang magpagaling ng maysakit, sina Aling Pele ay nagsasagawa ng kaparehas ng tipo bago ang taniman. Nagkakatay ng manok at ipatutulo ang dugo nito sa sakahan na sa paniniwala nila ay magdudulot ng matiwasay at magandang ani. Kaakibat ng ganitong pananaw ang pagsandig sa espirituwal na paniniwala upang makapagkamit ng kaginhawaan. Tiyak na dudulo sa ginhawa ang pagkakaroon ng magandang ani para sa mga magsasaka sa Brgy. Bakal III. Nilalahok sa ganitong paraang ang atang bilang bahagi pa rin ng paniniwala sa espiritu na maaaring nasa sakahan. Mas palalawakin ng ganitong diskurso ang *animistikong* paniniwala ng mga Pilipino buhat sa paniniwala sa espiritu sa anumang likha na nasa kalikasan.

Kapuwa nagtataglay ng agrikultural na sakahan ang Brgy. Bakal III at Nueva Ecija sa kabuuan kaya hindi maiiwasan ang paglalapat ng kalinangang nakuha mula sa iba bilang pagpapalawak sa kultura lalo pa ang naturang kultura ng atang ay talagang nililinang sa usapin ng sakahan. Inilapat lamang ito sa iba pang gawaing pansakahan at hindi nakulong sa kung paano ito nililinang ng Amianan sa mga tiyak na gawain. Gayundin, tangan na ng mga Tagalog ang mas malaong impluwensiyang Kristiyanismo na kabahagi rin sa talaban ng mga kultura. Ang dalawang ito ay lumulugar bilang kakanyahan sa kabila ng hugpungan.

Lagom at Kongklusyon

Sa papel na ito, siniyasat ang pagsasagawa ng atang sa Brgy. Bakal III, Talavera, Nueva Ecija bilang kultural na hugpungan ng naturang lokasyon sa Amianan. Ang Brgy. Bakal III, bilang matatagpuan sa

kapatagan ng Gitnang Luzon ay masasabing lumugar bilang dagsaan ng mga Ilokano sa panahon ng kanilang kadagaan kung kaya't ang kultural na aspeto ng atang at umiiral sa naturang barangay sa kabila ng kaibahan nito sa topograpiya at wika kaysa Amianan. Sa pag-unawa sa ugnayang sa-laud-sa-raya, lumilitaw ang pagsasagawa ng atang bilang hugpungang pangkalinangan ng dalawang pangkat entolingguwistiko at dalawang topograpiya.

Malawak ang paniniwalang pinag-uugatan ng atang sa buong kapuluan. Ang pag-unawa ng mga Pilipino sa pag-iral ng "kaluluwa" bilang katambal ng matiwasay na espirituwal na paniniwala sa pamamagitan ng konsepto ng "ginhawa" ay lantad sa pagtatayo nila ng mga pamayanan sa ilog na umaagos ayon sa ugnayang sa-laud-sa-raya. Sa pagtatayo ng mga *ili* (bayan), nagsisilbing dagsaan ang sentro ng sala-salabat na kalinangan. Ang atang sa Brgy. Bakal III, bilang lokasyong labas sa Amianan, ay nagtutulay sa kalinangan ng mga pangkating etnolingguwistiko sa buong kapuluan. Sa kontekstong ito, mga Tagalog at mga Ilokano. Sa kabila ng talabang pangkalinangan, lumilitaw ang kakanyahan ng mga taga-Brgy. Bakal III sa pagsasagawa nila ng atang. Ilan rito ay ang mas malaong pagkakaugat sa Kristiyanismo at paglalapat sa arawang buhay ng mga residente ng Brgy. Bakal III.

Ang Brgy. Bakal III, mula sa katotohanang naglilinang ng ritwal sa kabila ng patag na topograpiya at Tagalog na wika ng karamihan, marami pang masisipat na kakanyahan sa kabila ng kultural na hugpungan. Gayunpaman, bagamat magiging limitado ang papel na ito sa pag-iisa-isa ng mga kakanyahan, nagsisilbing isang lokasyon ang Brgy. Bakal III na maaaring magsilbing tuntungan sa pagpapalawak ng pagsipat sa kaakuhan o nagsasariling identidad ng bayan ng Talavera at maging ng lalawigan ng Nueva Ecija sa kabuuan. Ang atang sa pagkakataong ito ay isang kalinangang hindi maaaring kaligtaang aralin kapag pag-uusapan ang hugpungan sa lalawigan ng Nueva Ecija.

Ang bawat hugpungan ay nagbubukas ng diskurso hinggil sa kakanyahan ng mga pangkat etnolingguwistikong nag-aambag sa pagbuo ng kalingangan sa isang tiyak na lokasyon. Sa Brgy. Bakal III, nililinang ang atang bilang kulturang bitbit ng pandarayuhan ng mga pangkat sa Amianan habang gumuguhit ng kakanyahan sa pagtatalaban ng mga kalinangang taban ng mga Tagalog sa kapatagan ng lalawigan ng Nueva Ecija noon pa man. Ang mga nabanggit sa itaas ay ilan lamang sa patunay na sa pagsipat ng kultural na talaban, napananatili ang kakanyahan. Muli nitong pinagtitibay ang nosyong walang imperyor at superyor na kultura sa ating bansa bagkus magkakapantay-pantay ang mga ito na kapuwa nag-aambag sa paghubog ng mukha ng hugpungan. Gayundin, ang papel na ito ay nagtatangkang mag-ambag sa pagsipat ng kaisahan at kabuuan ng

kulturang Pilipino sa kabila ng pagkakaiba sapagkat pinag-uugnay ng diskurso ng loob na siyang nagbibigkis sa pagkakatulad at pagkakaugnay ng mga kultura.

The Author

JESTER G. DE LEON is a student of BA Philippine Studies in UP Diliman. He was born and raised in the province of Nueva Ecija. He served as the chairperson of the National Network of Agrarian Reform Advocates–Youth UP Diliman, a peasant advocate organization, in 2023. His research interests include local cultures of Nueva Ecija, peasant struggles, and cultural, folk, and ethnic studies.

Mga Hulibabâ

1. *Rice Granary of the Philippines*. Bagamat sa ilang bahagi ng kasaysayan, kolektibong itinuturing ang buong rehiyon ng Gitnang Luzon sa katawagang ito, nananatili pa ring malaki ang kontribusyon ng Nueva Ecija sa produksiyon ng bigas sa bansa.
2. Ang *kadagaan* ay maaaring manguhulugang: (1) mataba at produktibong lupa; at (2) kaaya-aya o angkop na klima o kondisyon; (3) magandang lupain/ kabuhayan/ kapalaran para sa bagong-dating o dayo at (4) mataba at masaganang lupa (Manzano 2021, 12).
3. Panitikan ng Pilipinas (Pan Pil) 103 na isang kursong itinuturo ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) sa UP Diliman. Ang unang bersiyon ng papel na ito ay ipinasa bilang pinal na kahingian sa naturang kurso sa ilalim ng patnubay ng instruktor ng kurso na si John Carlo Santos.
4. Bahagi ng Rehiyon II, Lambak ng Cagayan, na kabahagi rin ng bumubuo sa Amianan (Ramos 2010, 9).
5. Ginugunita tuwing Nobyembre 1 alinsunod sa paniniwalang Kristiyano sa *All Saints' Day;* Sa Pilipinas, higit na sentro ng paggunita ang pagdalaw sa sementeryo para sa mga namayapang mahal sa buhay.
6. Ang *pagtatawas* ay pinaniniwalaang katutubong paraan ng pagtukoy ng sakit. Sa pag-aaral ni Velez (2021, 99), literal na gumagamit ng tawas ang albularyo na tinutunaw sa kandila at ipinapatak sa batya ng tubig.

Mga Sanggunian

Acabado, Stephen. 2016. "The Archaelogy of Pericolonialism: Responses of the 'Unconquered' to Spanish Conquest and Colonialism in Ifugao, Philippines." *The International Journal of Historical Archaeology* 21: 1–26. https://doi.org/10.1007/s10761-016-0342-9

Agcaoili, Aurelio Solver. 2016. *Balabala ti Filosopia nga Ilokano*. Honolulu: Undertow Books.

Alimen, Ma. Cecilia D. 2015. "Unfolding the Local Folk Healers (Sorhano)." *Liceo Journal of Higher Education Research 12* (1): 41–59. http://dx.doi.org/10.7828/ljher.v12i1.951

Apostol, Virgil Mayor. 2010. "Origins of Filipino Ancestral Healing." In *Way of the Ancient Healer: Sacred Teachings from the Philippine Ancestral Traditions*, 19–68. Berkeley: National Atlantic Books.

Arzadon, Maria Mercedes. 2016. "The Mambunong (Indigenous Priest/Elder) and the School Knowledge System: Parallel and Interconnected." *The Cordillera Review* 6 (2): 67–95.

Bendaña, Perlita. 2024. Panayam kay Perlita Bendaña ni Jester De Leon, sa Brgy. Bakal III, Talavera, Nueva Ecija. 13 Hunyo.

Buminaang-Mendoza, Regina. 2024. "Traditional Ecological Knowledge and Practices: A Strategy to Understanding Conservation of a Heritage Site." *International Journal of Advances in Education, Social Sciences and Innovation* 3 (1): 73–78.

Bureau of Education. n.d. "Local Geographical and Historical Notes, Province of Nueva Ecija." *General Records Relating to More than One Island Possession*. General Classified Files, 1898–1945. Folder 2058-20, Box 385, RG 350, NARA, Washington, D.C.

Corpuz, Jeff Clyde. 2020. "Death and Food Offering: The Ilocano 'Atang' Ritual from a Contextual Theology." *Recoletos Multidisciplinary Research Journal* 8 (1): 113–26. https://doi.org/10.32871/rmrj2008.01.08.

De Leon, Angeles M., Kalaw, S.P., Dulay, R. M., et al. 2016. "Ethnomycological Survey of the Kalanguya Indigenous Community in Caranglan, Nueva Ecija, Philippines." *Current Research in Environmental & Applied Mycology 6* (2): 61–66.

Gabriel, Nena. 2024. Panayam kay Nena Gabriel ni Jester De Leon, sa Brgy. Bakal III, Talavera, Nueva Ecija. 7 Mayo.

Gabriel, Remegio. 2024. Panayam kay Remegio Gabriel ni Jester De Leon, sa Brgy. Bakal III, Talavera, Nueva Ecija. 8 Mayo.

Gojo Cruz, Paul Henric P., Leticia E. Afuang, Juan Carlos T. Gonzales, and William SM Gruezo. 2018. "Amphibians and Reptiles of Luzon Island, Philippines: the Herpetofauna of Pantabangan-Carranglan Watershed, Nueva Ecija Province, Caraballo

Mountain Range." *Asian Herpetological Research* 9 (4): 201–23. https://doi.org/10.16373/j.cnki.ahr.180050.

Landicho, Madilene. 2023. "Bulaklak ng Mayo: Ang Papel ng mga Kababaihan sa Pagpapatuloy ng Alayan Bilang Isang Gawaing Pangkomunidad sa Batangas." *BANWAAN: The Journal of Philippine Folklore* 3 (1): 57–79.

Magpali, Maribeth A. 2019. "Golgol: A Living Tradition of the Ilocanos." *Tawid: The News Magazine*. https://tawidnewsmag.com/cache-golgol-tradition-ilocanos/

Manzano, Joanne V. 2021. "Potensiyal ng Kadagaansa Pakikibaka para sa Lupa: Danas ng Hacienda Sta. Isabel at San Antonio." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* 27 (2): 11–27. https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/9192/8115

Masferré, Eduardo. 1999. "Rituals and Sky World." Sa *A Tribute to the Philippine Cordillera*, 52–56. Makati: Brier Projects, Inc.

McLennan, Marshall S. 1980. *The Central Luzon Plain: Land and Society on the Inland Frontier.* Manila: Alemars-Phoenix Publishing House, Inc.

Mercado, Leonardo N. 1991. "Soul and Spirit in Filipino Thought." *Philippine Studies* 39 (3): 287–302. http://www.jstor.org/stable/42633258.

Pe-Pua, Rogelia. 2006. "From Decolonizing Psychology to the Development of a Cross-Indigenous Perspective in Methodology." In *Indigenous and Cultural Psychology*, inedit nina U. Kim, K.S. Yang, K.K. Hwang. Boston: International and Cultural Psychology. https://doi.org/10.1007/0-387-28662-4_5.

Peterson, William. 2010. "Performing Indigeneity in the Cordillera: Dance, Community, and Power in the Highlands of Luzon." *Asian Theatre Journal* 27 (2): 246–68. https://www.jstor.org/stable/25782119.

Rafael, James. 2024. Panayam kay James Rafel at Lupon ng mga Matatandang Ibaloy-Kankanaey nina Jester De Leon at klase sa PanPil 103, sa Brgy. Banengbeng, Sablan Benguet. 4 Mayo.

Ramos, Bonifacio. 2010. "The Role of Religious Institutions in Advancing the Cause of Ilokano and Amianan Studies." *Journal of Northern Luzon* 33 (1–2): 1–30.

Russell, Susan D. 1989. "The Grand Cañao: Ethnic and Ritual Dilemmas in an Upland Philippine Tourist Festival." *Asian Folklore Studies* 48 (2): 247–63. https://doi.org/10.2307/1177920.

Salazar, Zeus. A. 1977. "Ang Kamalayan at Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya." Nasa *Ulat ng Ikalawang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*, inedit nina L.A. Antonio, L.L. Samson, E.S. Reyes, at Ma. E.A. Paguio, 134–44. Lungsod ng Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

Santiago Jr., Fernando A. 2015. "A Historical Evaluation of The Emergence of Nueva Ecija as the Rice Granary of the Philippines." Papel na binasa sa DLSU Research Congress, De La Salle University, Manila, Philippines, 2–4 Marso 2015. https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/conferences/research-congress-proceedings/2015/TPHS/017TPH_Santiago_FA.pdf

Santiago, Lilia Quindoza. 2006. "The Literatures of Northern Philippines: An Initial Step at Mapping Philippine Literary Traditions." Keynote Lecture at NAKEM Conference 2006, 9-12 November 2006, University of Hawaii Manoa, Honolulu, HI, USA.

Tatel, Mary Jane. 2012. "Beddeng Ken Pakasaritaan: Salaysay ng Ili ng Paracelis, Mt. Province sa Hugpungang Kailokuan-Kaigorotan sa Kontemporaryong Panahon." Sa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, inedit nina Atoy Navarro, Ma. Florina Y. Orillos-Juan, Janet Reguindin at Adonis Elumbre, 339–76. Lungsod ng Quezon: Limbagang Pangkasaysayan (LIKAS). https://www.academia.edu/97890445/Beddeng_Ken_Pakasaritaan_Salaysay_ng_Ili%20_ng_Paracelis_Mt_Province_sa_Hugpungang_Kailokuan_Kaigorotan_sa_Kontemp%20oraryong_Panahon

Zorc, R. David Paul. 1979–1985. "Core Etymological Dictionary of Filipino" Sa *Fascicle 4*. Batchelor: Darin Community College, PNC-La Salle-Ateneo Consortium, Linguistic Society of the Philippines, at Surian ng Wikang Pambansa.